


Sining

Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Mga Hakbang sa Paggawa ng Tie-Dye o Pagtitina ng Tela



Sining – Baitang 4
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan– Modyul 4: Mga Hakbang sa Paggawa ng Tie-Dye o Pagtitina ng Tela
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rejean Cabarles Macansantos
Editor: Francis Durante
Tagasuri: Cynthia T. Montanez
Tagaguhit: Emma S. Malapo
Tagalapat: Rejean Cabarles Macansantos
Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilane R. Lorico
Jerson V. Toralde
Belen B. Pili
Cynthia T. Montanez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Sining

**Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
Mga Hakbang sa Paggawa ng
Tie-Dye o Pagtitina ng Tela**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Isang maganda at makabuluhang araw sa iyo kaibigan!

Sa pamamagitan ng modyul na ito ay masusunod ang mga tamang hakbang sa paglalagay ng disenyo sa damit sa pamamagitan ng *tie-dye* o pagtitina ng tela. Sa araling ito ay matututuhan ninyo ang iba't ibang pamamaraan sa pagbuo ng iba't ibang estilo at disenyo.

Sa pagpapatuloy sa modyul na ito ay matatamo mo ang layunin na matalakay ang tamang pamamaraan sa paggawa ng mga gawaing pantela sa pamamagitan ng *tie-dye* upang makabuo ng magandang disenyo.



Subukin

Bago mo simulan ang modyul na ito, subukin muna natin ang iyong kaalaman tungkol sa paksa. Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha 😊 kung ang mga sumusunod na pangungusap ay tamang hakbang sa pagta-*tie-dye* at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

1. _____ Linisin ang lugar na pinaggawaan ng likhang- sining.
2. _____ Huwag alisin ang tali, patuyuin at plantsahin ng nakatali ang damit o tela.
3. _____ Ilagay ang tinaliang tela sa timpla mula 5 hanggang 15 minuto sa unang kulay.
4. _____ Iabad ang tela sa tubig para maalis ang mantsa.
5. _____ Magsuot ng *dust mask* bago maghalo ng tina (*dye*).

MAGALING! 😊

Aralin

1

Mga Hakbang sa Paggawa ng *Tie-Dye* o Pagtitina ng Tela

Ang bawat lugar ay may natatanging disenyo na nagpapakita ng kanilang kultura at tradisyon. Isa dito ay ang paglalagay ng disenyo sa tela sa pamamagitan ng *tie-dye* o pagtitina ng tela.



Balikan

Tukuyin ang mga materyales na gamit sa paglalala ng banig sa sumusunod na mga lugar ng Pilipinas.

1. Basey, Samar - banig na yari sa _____.
2. Iloilo - banig na yari sa _____.
3. Badjao at Samal - banig na yari sa dahon ng _____.
4. Tawi-Tawi - banig na yari sa dahon ng _____.
5. Romblon - banig na yari sa _____.



Tuklasin

Magsimula ka rito.

Pagmasdan at ilarawan ang sumusunod na larawan.



Source: Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.313

Tanong:

1. Ano ang napansin mo sa mga kulay, linya, hugis, at disenyo ng mga telang nakulayan ng tina?
2. Ano sa tingin mo ang tawag sa paraan ng pagkukulay ng tela?
3. Alam mo ba kung papaano ito gawin?
4. Alam mo ba kung ano ang mga hakbang sa paggawa nito?



Suriin

Ang *tie-dye* ay isang pamamaraan ng pangkukulay ng tela na kasama ang patutupi, pag-ikot, at pag-*scrunch* ng tela at pagkatapos ay itatali ito ng mahigpit gamit ang *string* (tali na pisi) o goma. Pagkatapos ay ibababad ang tela sa tubig na may kulay. Ang mga bahaging nakatupi at nakatali ay makakatanggap ng kaunting kulay. Kapag natanggal na ang mga *string* o tali na pisi, makikita ang mga natatanging *pattern* sa tela batay sa paraan ng pagmamaniplula at pagtatali nito.

Ang sining ng paggawa ng *tie-dye* o pagkukulay ng tela ay madaling gawin at mahusay na proyekto para sa mga mag-aaral. Subalit, maaaring maging madumi o makalat ang proseso ng paggawa kung kaya dapat na magsuot ng damit na pang-proteksiyon at takpan ang mesa na paggagawaan ng lumang dyaryo o plastik para sa madaling paglilinis.

Maaaring gamitin sa proyekto sa pagkukulay o paggawa ng *tie-dye* ang iba't-ibang uri ng mga tela na ginagamit sa paggawa ng mga damit, sapin sa kama (*bedsheets*), punda ng unan, kurtina at marami pang iba.

Ang kadalasang paraan sa paggawa ng *tie-dye* ay ang pagtatali ng mga piling bahagi ng tela bago ito lagyan ng tina (*dye*) upang magkaroon ng kulay ang mga bahagi ng tela na walang tali.

Maaaring gumamit ng isang kulay lamang sa pagtitina subalit mas maganda kung gagamit ng dalawa o higit pang mga kulay sa pagtitina.


Alamin muna natin ang iba't ibang hakbang sa paggawa ng *tie-dye*.

Narito ang mga hakbang sa paggawa ng *tie-dye*.

1. Ihanda ang mga kagamitan: mainit na tubig, retaso o tela, *rubber band*, suka, 2 pakete ng tina (*dye*) depende kung anong kulay ang gusto mong gamitin, kahon o basurahan, *glue stick*, at palanggana.



2. Talian ng *rubber band* ang retaso ng tela ayon sa gustong disenyo. Upang makagawa ng iba't ibang disenyo, talian ito ayon sa gustong uri ng pagkakatali, maaring dikit-dikit o magkakahiwalay ang tali. Maaari ring pabilog ang pagkakatali ng retaso upang makabuo ng iba't ibang disenyo.



3. Sa mainit na tubig ihalo ang dalawang pakete ng tina (*dye*), dalawang kutsara ng suka at isang kutsara ng asin. (*Magpatulong sa magulang o kapatid sa paggawa ng timpla.*)



4. Ilagay at ibabad ang tinaling retaso sa timpla ng 5 hanggang 15 minuto.



5. Banlawan ng purong tubig ang tinaling retaso sa loob ng tatlong minuto. Alisin ang tali, patuyuin at kapag tuyo na ay plantsahin.



6. Idikit ang kinulayan na tela sa labas ng kahon o basurahan gamit ang *glue stick*. (sa harapang bahagi ng kahon o basurahan para maging disenyo at mabuo likhang-sining).



7. Linisin ang lugar kung saan ginawa ang likhang-sining.



Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.238-239

Ngayon na alam mo na ang mga hakbang sa paggawa ng *tie-dye*. Kaya mo na bang gawin ito at sundan ang mga tamang hakbang?




Pagyamanin

Gawain 1

Pagtugmain ang mga larawan sa Hanay A sa mga angkop na hakbang sa paggawa ng *tie-dye* sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot

Hanay A



Hanay B

- A. Idikit sa harapang bahagi ng kahon para maging disenyo.
- B. Sa mainit na tubig ihalo ang Dalawang pakete ng tina, dalawang kutsara ng suka at isang kutsara ng asin.
- C. Linisin ang lugar kung saan ginawa ang likhang-sining.
- D. Ihanda ang mga kagamitan.
- E. Talian ng *rubber band* ang retaso ayon sa gustong disenyo.
- F. Banlawan ang tinaliang retaso sa purong tubig sa loob ng tatlong minuto. Alisin ang tali, patuyuin at kapag tuyo na ay plantsahin.
- G. Ilagay ang tinaling retaso sa timpla ng 5 hanggang 15 minuto.

Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.238-239

Magaling! Natukoy mo ba ang mga angkop na hakbang sa paggawa ng *tie-dye*. Ngayon subukan mo namang gawin ang Gawain 2.

Gawain 2

Tukuyin ang angkop na gamit ng mga kagamitan sa paggawa ng *tie-dye* o pagtitina ng tela. Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ito ay tama at ekis (✗) naman kung mali.

- _____ 1. Ilagay o ibabad ang tinaliang tela sa timpla mula 5 hanggang 15 minuto sa baso.
- _____ 2. Iabad ang tela sa palanggana ng tubig para lumambot.
- _____ 3. Magsuot ng *dust mask* upang di masinghot ang tina at guwantes naman upang hindi madumihan ang kamay bago maghalo ng tina (*dye*).
- _____ 4. Lagyan ng *hair pin* ang tela.
- _____ 5. Ihalo ang harina at iba pang kasangkapan gamit ang sandok.
- _____ 6. Talian ng *rubber band* o goma ang tela.
- _____ 7. Ihalo ang dalawang pakete ng harina, dalawang kutsara ng asukal at isang kutsara ng asin sa isang baso ng tubig.

Natukoy mo ba ang mga angkop na gamin ng mga kagamitan sa paggawa ng *tie-dye*? Ngayon ipagpatuloy mo naman ang pagsagot sa Gawain 3.


Gawain 3:

Paggawa ng *tie-dye* gamit ang isang kulay


Sundan ang mga hakbang sa paggawa *tie-dye*.

Kagamitan: tali/pisi, lastiko (*rubber band*), lumang damit o tuwalya, tina (*dye*) isang kulay lamang (ayon sa gusto mong gamiting kulay), palanggana, patpat na panghalo, mainit na tubig, suka at asin.

1. Tupiin at talian ng pisi o lastiko ang tela ayon sa gustong disenyo.



2. Ibadad ang tela sa tubig para lumambot.



3. Magsuot ng *dust mask* o panyo na pantakip sa ilong at bibig upang di malanghap ang tina o *dye* at guwantes na plastik upang hindi madumihan ang kamay bago maghalo ng tina (*dye*).



4. Maghanda ng isang timpla ng kulay ng *dye* sa isang palanggana.



5. Ihalo ang dalawang pakete ng tina, dalawang kutsara ng suka at isang kutsara ng asin sa tubig.



6. Ilagay o ibabad ang tinaliang tela sa timpla mula 5 hanggang 15 minuto sa unang kulay.



7. Pagkaraan ng 5 hanggang 10 minuto ay banlawan ang ibinabad na tela sa loob ng limang minuto ng purong tubig.



8. Alisin ang tali, patuyuin, at plantsahin.



9. Linisin ang lugar kung saan ginawa ang likhang- sining.



Source: Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.245-247

Hanep! Natapos mong maisagawa ang Gawain 3. Nasunod mo ba ng tama ang mga hakbang? Nagustuhan mo ba ang iyong ginawa?



Isaisip

TANDAAN

Nararapat na sumunod tayo sa mga hakbang lalo na sa pagsasagawa ng *tie-dye* para makalikha ng isang maganda at kakaibang disenyo.

Ano-ano ang hakbang sa pagsasagawa ng *tie-dye*?

Punan ng angkop na salita ang patlang upang mabuo ang mga hakbang sa pagsagawa ng *tie-dye*. Isulat ang sagot sa patlang.

1. _____ (Iligpit, Ihanda) ang mga kagamitan.
2. _____ (Talian, Pintahan) ang retaso ayon sa gustong disenyo.
3. Sa mainit na tubig _____ (itapon, ihalo) ang dalawang pakete ng tina, dalawang kutsara ng suka at isang kutsara ng asin.
4. _____ (Ilagay, Ihiwalay) ang tinaling retaso sa timpla ng 5 hanggang 15 minuto.
5. _____ (Ihalo, Banlawan) ang ginawa sa purong tubig. Alisin ang tali, patuyuin at kapag tuyo na ay plantsahin.
6. _____ (Idikit, Itali) sa harapang bahagi ng *eco-bag* o anumang lagayan para maging disenyo at mabuo ang isang na likhang-sining.
7. _____ (Iwanan, Linisin) ang lugar kung saan ginawa ang likhang-sining.





Isagawa

Tara na at mag *tie-dye* gamit ang holen o barya (coin) na may dalawang kulay!


Kagamitan: tali/pisi, lastiko (*rubber band*), lumang damit o tuwalya, tina (*dye*) dalawang kulay depende sa nais gamiting kulay, holen o barya (coin), palanggana, patpat na panghalo, mainit na tubig, suka, at asin.

Hakbang sa Paggawa

1. Ilagay ang holen o barya (coin) sa tela, tupiin at talian ang tela ayon sa gustong disenyo.
2. Iabad ang tela sa tubig para lumambot.
3. Magsuot ng *dust mask* o panyo para proteksyon sa ilong at bibig at gwantes na plastik naman sa kamay bago maghalo ng tina (*dye*).
4. Ihalo ang isang kulay ng dalawang pakete ng tina (*dye*), dalawang kutsara ng suka at isang kutsara ng asin sa tubig at haluin gamit ang patpat.
5. Ilagay o iabad ang tinaling tela sa timpla mula 5 hanggang 15 minuto.
6. Pagkaraan ng 5 hanggang 15 minuto ay banlawan ang ibinabad na tela sa purong tubig.



7. Alisin ang tali, isampay, patuyuin, at plantsahin.




8. Tupiin nang panibago at talian ang tela ayon sa naisip na disenyo. Pagkatapos ay ibabad naman ang tela sa ikalawang kulay.



9. Muli pagkaraan ng 5 hanggang 15 minuto ay banlawan ang ibinabad na tela sa purong tubig.




10. Alisin ang tali, patuyuin at plantsahin.



11. Linisin ang lugar kung saan ginawa ang likhang- sining.



12. Tahiin ang natuyong tela upang makabuo ng isang maliit na unan o *throw pillow*.



Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.242

Hanep! Natapos mong maisagawa ang gawain. Nagustuhan mo ba ang iyong ginawang *tie dye*?




Tayahin

Ipaliwanag ang mga sumusunod na larawan na nagpapakita ng mga hakbang sa pagsasagawa ng *tie-dye*. Isulat ang sagot sa papel.

1.



2.




3.



4.



5.



6.



7.



Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.238-239



Karagdagang Gawain

Magsaliksik ng iba pang paraan sa paggawa ng disenyo sa tela. Isulat ito sa iyong kwaderno.



Susi sa Pagwawasto

- 7. Liniisin
- 6. Idikit
- 5. Baknawan
- 4. Ilagay
- 3. ihalo
- 2. Talian
- 1. Ihanda

Isaisip

- 7. C
- 6. A
- 5. F
- 4. G
- 3. B
- 2. E
- 1. D

GAWAIN 1

Pagymananin

- 5. buri
- 4. pandarus
- 3. pandan
- 2. tubigan
- 1. buri

Balikan

Subukin

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

GAWAIN 2

- 7.
- 6.
- 5.
- 4.
- 3.
- 2.
- 1.

Sanggunian

Kagawaran ng Edukasyon, Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.238-245

Kagawaran ng Edukasyon, Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.313

Kagawaran ng Edukasyon, Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p.305-315

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph